



## Pagbukod at Kwarantina sa Bahay ng mga Taong Mayroong Impeksyon ng Coronavirus-2019 (COVID-19) at ang kanilang Sambahayan o Malalapit na Ugnay

- 1) Kung mayroon kang kumpirmasyon sa lab o pagsusuri ng doktor sa COVID-19, mapapasailalim ka sa Kautusan sa Pagbukod ng Opisyal sa Kalusugan sa <http://www.acphd.org/2019-ncov/resources/quarantine-and-isolation>
- 2) Kung kasama ka sa sambahayan o malapit na ugnay sa taong may COVID-19, mapapasailalim ka sa Kautusan sa Kwarantina ng Opisyal sa Kalusugan sa <http://www.acphd.org/2019-ncov/resources/quarantine-and-isolation>
- 3) Kung naghihintay ka ng mga resulta ng pagsusuri, sundin ang mga instruksyon sa Pagbukod hanggang dumating ang mga resulta. Kung negatibo ang resulta, wala nang kakailanganin pang gawin, hindi na angkop ang mga instruksyong ito sa'yo.

### Instruksyon sa Pagbukod sa Bahay

Kung nasuri kang mayroong COVID-19 O naghihintay ka ng resulta sa pagsusuri sa COVID-19, kailangan mong sundin ang mga hakbang na ito sa Pagbukod sa Bahay upang maiwasan ang pagkalat ng sakit.

#### Manatili sa bahay hanggang sa makabawi

- Hindi malalala ang karamdaman ng karamihan ng mga taong may COVID-19 at kayang gumaling sa tamang pangangalaga sa bahay nang hindi na kinakailangang magtungo sa tagapagbigay ng pangangalaga. Kung ikaw ay 65 taong gulang o higit pa, buntis, o mayroong kondisyon sa kalusugan tulad ng sakit sa puso, hika, sakit sa baga, diabetes, sakit sa bato, o mahinang resistensya (immune system), mayroon kang mataas na banta sa mas malalalang karamdaman o komplikasyon.
- Huwag nang pumasok sa trabaho, paaralan, o pampublikong lugar.
- Manatili sa bahay ng kahit 7 araw mula sa pagkakasakit AT kahit 3 araw matapos kang gumaling. Ibig sabihin ng paggaling ay wala ka nang lagnat sa nakalipas na 72 oras nang hindi gumagamit ng gamot sa lagnat (hal. Tylenol®) at umayos na ang mga sintomas sa paghinga (hal. ubo, bitin sa paghinga).
- Kung wala kang nararamdaman ngunit mayroon kang COVID-19, manatili sa bahay kahit 7 araw kasunod ng petsa ng iyong pagsusuri.
- Ituturing na “malalapit na ugnay” ang mga tao sa inyong bahay, ang iyong malalapit na karelasyon, People in your home, your intimate partners, at tagapag-alaga at kailangang sumunod sa mga Instruksyon sa Pagkakwarantina sa Bahay. Kabilang dito ang mga taong nagkaroon ng malapit na ugnay sa'yo mula 48 oras bago nagsimula ang sintomas at hanggang sa ibukod mo ang iyong sarili. Pakibahagi ang dokumentong ito sa kanila.

#### Paano kung hindi mo maihiwalay ang sarili mo sa iba?

- Sinumang may patuloy na malapit na ugnay sa'yo ay mangangailangan na magsimula ng panibagong ikot ng kwarantina ng 15 araw simula sa huling araw na nagkaroon sila ng malapit na ugnay sa'yo, o mula sa petsa na pinakawalan ka.

### Instruksyon sa Pagkakarantina sa Bahay

Kung nakatira ka sa parehong sambahayan o nagkaroon ng malapit na ugnay sa sinumang nasuring may COVID-19 (kabilang ang ugnayan mula 48 oras bago sila makaranas ng anumang sintomas hanggang magsariling pagbukod) kailangan mong sundin ang mga hakbang na ito sa Pagkakwarantina sa Bahay. Maaaring tumagal ng 2-14 araw bago lumabas ang mga sintomas, kaya maaaring hindi mo malaman hanggang 14 na araw kung nahawaan ka man o hindi. Importanteng manatili sa bahay at subaybayan ang sariling kalusugan sa panahong ito upang maiwasang ipasa ang potensyal na impeksyon sa ibang tao.

#### Manatili sa bahay para makita kung nagkaroon ka ng sintomas

- Ang huling araw ng kwarantina mo ay 15 araw mula nang huli kang magkaroon ng ugnay sa taong may COVID-19. Kung patuloy kang may malapit na ugnay, magsisimulang muli ang 15-araw na panahon ng kwarantina.
  - Ibig sabihin ng malapit na ugnay na naging nasa loob ng 6 na pulgada ang distansya mo sa taong may COVID-19 ng mahigit 10 minuto o nahawakan ang mga likido o inilalabas nang walang angkop na pag-iingat.
  - Kung hindi mo maiiwasan ang malapit na ugnay, kailangan mong manatiling naka-kwarantina hanggang 15 araw na matapos ng taong may COVID-19 ang kanyang panahon ng pagbukod. Maaaring nasa pinakamababa 21 araw sa kabuuan.

#### Paano kung magkaroon ka ng mga sintomas?

- Kapag nagkaroon ka ng mga sintomas, maaaring mayroon kang COVID-19 at kailangan mong sundin ang mga Instruksyon sa Pagbukod sa Bahay. Subaybayan nang maigi ang iyong mga sintomas at humanap ng pangangalagang medikal kung magiging malubha ang mga sintomas. Hindi mo kailangang masuri para lamang makumpirma ang impeksyon dahil karamihan ng mga taong may impeksyon sa paghinga, kabilang na ang COVID-19, ay mayroong hindi malubhang karamdaman na maaaring mapagaling sa pag-aalaga sa bahay.

## Mga Paghihigpit at Impormasyon na Naangkop sa Parehong Nasa Pagbukod at Pagkakwarantina sa Bahay


- Manatili sa bahay. Huwag pumasok sa trabaho, paaralan, o pampublikong lugar.
- Ihiwalay ang iyong sarili sa ibang tao sa bahay ninyo. Manatili sa isang partikular na kuwarto at malayo sa ibang tao sa bahay ninyo hangga't maaari. Napaka importante na lumayo sa mga taong nasa mataas na panganib ng malubhang karamdaman.
- Gumamit ng hiwalay na banyo, kung mayroon.
- Huwag maghahanda o magsisilbi ng pagkain sa iba.
- Huwag tumanggap ng bisita sa bahay.
- Huwag gumamit ng pampublikong transportasyon, makisabay sa sasakyan o taxi.

### Iwasan ang pagkalat:

- Takpan ang iyong pag-ubo at pagbahing. Takpan ng tisyu ang bibig at ilong o bumahing sa manggas mo -- hindi sa mga kamay -- at itapon ang tisyu sa may takip na basurahan at agad na hugasan ang kamay.
- Madalas at puspusang maghugas ng kamay gamit ang sabon at tubig sa loob ng kahit 20 segundo - lalo na pagkatapos umubo, bumahing, o suminga, o pagkatapos gumamit ng banyo. Maaaring gumamit ng alcohol-based na hand sanitizer na may minimum na 62% na nilalamang alcohol sa halip na sabon at tubig kung hindi naman marumi ang kamay.
- Iwasan ang paghihiraman ng mga gamit sa bahay. Huwag maghiraman ng plato, kubyertos, tuwalya, kumot, at iba pang kagamitan sa ibang tao sa inyong bahay. Matapos gamitin ang mga kagamitang ito, hugasan silang mabuti ng sabon at tubig. Maaaring labhan ang labada sa karaniwang washing machine na may maligamgam na tubig at sabong panlaba; maaari ring maglagay ng bleach ngunit hindi na kinakailangan.
- Linisin at i-disinfect ang lahat ng "madalas-hinahawakan" na panlabas araw-araw. Kabilang sa mga panlabas na madalas hinahawakan ang hal., patungan, ibabaw ng mesa, doorknob, nakakabit na kasangkapan, kubeta, telepono, remote ng TV, susi, keyboard, mesa, mesa sa tabing-kama. Linisin at i-disinfect din ang anumang panlabas na maaaring mayroong likido ng katawan. Gumamit ng pambahay na panlinis at pang-disinfect na spray o pamunas, ayon sa nakalagay na instruksyon sa tatak ng produkto.

### Isagawa ang pangangalaga sa bahay:

- Magpahinga, uminom ng maraming tubig, uminom ng acetaminophen (Tylenol®) para bumaba ang lagnat at maibsan ang sakit.
  - Tandaan na ang mga batang mas mababa sa edad na 2 ay hindi dapat bigyan ng anumang gamot sa sipon na mabibili sa botika nang hindi muna sumasangguni sa doktor.
  - Tandaan na hindi "pinagagaling" ng mga gamot ang COVID-19 at hindi mapipigil ng mga ito ang pagkalat ng mikrobyo.
- Humanap ng pangangalagang medikal kung lumala ang mga sintomas mo, lalo na kung mayroon kang mataas na panganib ng malubhang karamdaman.
- **Kabilang sa mga sintomas na nagpapahiwatig na kailangan mo nang humanap ng pangangalagang medikal:**



- Kung maaari, tumawag muna bago pumunta sa opisina ng iyong doktor o sa ospital at sabihin sa kanila na naka-Bukod ka dahil sa COVID-19 para maihanda ang mga tauhan sa pangangalaga sa kalusugan para sa pagdating mo at protektahan ang iba mula sa pagkahawa.
  - Huwag maghihintay sa anumang lugar-hintayan at magsuot ng facemask sa lahat ng oras kung maaari.
  - Kung tatawag ka sa 911, ipaalarm mo sa dispatcher at paramediko na naka-Bukod ka dahil sa COVID-19.
  - **HUWAG** qagamit ng pampublikong transportasyon.

### Aabisuhan ba ng pampublikong kalusugan ang pinagtatrabahuhan ko?

Hindi ipapaalam o ilalabas ng Pampublikong Kalusugan ang anumang personal na impormasyon tungkol sa'yo sa iyong pinagtatrabahuhan maliban na lamang kung kinakailangan ito para protektahan ang kalusugan mo at ng iba.

**Salamat sa inyong kooperasyon para rito sa mahalagang usapin sa pampublikong kalusugan.**

Maaaring maging masyadong nakakabahala ang COVID-19 para sa mga tao, narito ang ilang paraan para mapamahalaan ang emosyonal na kalusugan sa panahon ng walang katiyakan: <http://www.acphd.org/media/558462/covid19-managing-emotional-health-20200306.pdf>.

Matatagpuan ang mga pinalawak na bersyon ng mga instruksiyong ito at lahat ng Kautusan ng Opisyal sa Kalusugan sa: <http://www.acphd.org/2019-ncov/resources/quarantine-and-isolation>. Kung mayroon kang karagdagang katanungan, mangyaring magtungo sa [www.acphd.org](http://www.acphd.org), tumawag sa aming pangkalahatang linya sa COVID sa 510-268-2101 o mag-email sa amin sa [ncov@acgov.org](mailto:ncov@acgov.org).



## **KAUTUSAN NG OPISYAL SA KALUSUGAN PARA SA PAGPIGIL SA COVID-19 No. 20-05**

Kautusan sa **Pagbukod** para sa Emerhensiya ng Pampublikong Kalusugan

Petsa nang Ilabas ang Kautusan: Abril 3, 2020

Ipatutupad ang Kautusang ito hanggang sa pawalang-bisa sa kasulatan ng Opisyal sa Kalusugan.

### **BUOD NG KAUTUSAN**

**Nasa Pang-Emerhensiyang Kalagayan ang California dahil sa pandemya ng COVID-19.** Malaking panganib ang pagkalat ng Novel Coronavirus (COVID-19) sa kalusugan ng publiko sa loob ng County ng Alameda. Madaling kumalat ang COVID-19 sa pagitan ng mga taong nagkaroon ng malapitang ugnay sa isa't isa. Inilabas ang Kautusang ito batay sa mga siyentipikong ebidensya at pinakamahusay na kasanayan na kasalukuyang nalalaman at makukuha para protektahan ang mga mahihinang miyembro ng publiko mula sa maiwasang panganib ng malalang karamdaman o kamatayan na resulta ng pagkakalantad sa Coronavirus Disease 2019 (COVID-19). Inilalagay ng edad, kondisyon, at kalusugan ng makabuluhang bahagi ng populasyon ng County ng Alameda ("County") ang sarili nito sa panganib ng malalalang komplikasyon sa kalusugan, kabilang na ang kamatayan, mula sa COVID-19. Mayroong lumalaking ebidensya ng panganib sa pagpapasa mula sa mga taong nahawaan bago ang pagsisimula ng sintomas. Sa gayon, lahat ng mga indibidwal na magkakaroon ng COVID-19, anuman ang antas ng kanilang sintomas (wala, katamtaman o malala), ay maaaring maglagay sa ibang mahihinang miyembro ng publiko sa malaking panganib. Sa kasalukuyan, wala pang bakunang magagamit para makapagprotekta laban sa COVID-19 at wala pang tiyak na lunas.

Upang makatulong na pabagalin ang pagkalat ng COVID-19, protektahan ang mahihinang indibidwal, at maiwasang mabigatan ang sistema sa kalusugan ng County ng Alameda, kinakailangan na ibukod ng Kagawaran sa Pampublikong Kalusugan ng Alameda County ("Pampublikong Kalusugan") ang mga taong may COVID-19.

### **SA ILALIM NG KAPANGYARIHAN NG KODA NG KALUSUGAN AT KALIGTASAN NG CALIFORNIA MGA SEKSYONG 101040, 101085, AT 120175, IPINAG-UUTOS NG OPISYAL SA KALUSUGAN NG COUNTY NG ALAMEDA NA:**

**Kailangang ibukod ng lahat ng indibidwal na nasuring mayroon o malamang na mayroong COVID-19 ang kanilang sarili. Kailangang sumunod ang mga taong ito sa Kautusang ito at sa mga dokumentong gabay ng Pampublikong Kalusugan na tinukoy sa Kautusang ito.**

**Isang krimen ang paglabag sa Kautusang ito, mapaparusahan ng multang hanggang \$10,000 at/o isang taong pagkakakulong sa bilangguan. (Health & Saf. Code §§ 120295 et seq.; Cal. Penal Code §§ 69 & 148)**



## **Mga Pangangailangan sa Pagbukod ng mga Indibidwal na Nasuring Mayroon o Malamang na Mayroong COVID-19**

### **A. Lahat ng indibidwal na masusing mayroon o malamang na mayroong COVID-19 ay dapat kaagad na gawin ang mga sumusunod na pagkilos:**

1. **Ibukod ang kanilang mga sarili** sa kanilang mga bahay o ibang tirahan. Hindi sila maaaring umalis sa lugar ng kanilang pagbukod o pumasok sa anumang ibang pampubliko o pribadong lugar, maliban na lamang kung tatanggap ng kinakailangang pangangalagang medikal.
2. Masusing suriin at matinding sundin ang lahat ng mga kinakailangang inilista sa “Mga Instruksyon sa Pagbukod sa Bahay” na nakalagay sa <http://www.acphd.org/2019-ncov/resources/quarantine-and-isolation> at inilakip sa kautusang ito.
3. Ipaalam sa kanilang malalapit na ugnay na kinakailangan nilang i-kwarantina ang kanilang sarili. Ang mga taong kailangang sabihan na magkwarantina ng sarili ay ang mga taong nakasama nila sa loob ng nakakahawang panahon nila. Nagsisimula ang panahong ito mula 48 oras bago magsimula ang mga sintomas (o ang petsa ng pagpopositibo ng pagsusuri kung wala silang sintomas) at magtatapos kapag natapos na ang panahon ng pagbukod (tingnan ang Seksyon C sa ibaba). Ang malalapit na ugnay ay ang mga taong:
  - Nakatira o tumuloy sa kanilang tirahan O
  - Mga karelasyong sekswal O
  - Nagbibigay o nagbigay ng pangangalaga sa kanila na walang suot na mask, gown, at gwantes.
4. Ipagsangguni sila sa “Mga Instruksyon sa Pagkakarantina sa Bahay”, na nakalagay sa <http://www.acphd.org/2019-ncov/resources/quarantine-and-isolation>, na siyang naglalarawan ng mga hakbang na maaaring gawin ng mga kasama sa bahay, karelasyong matalik, at tagapag-alaga para maiwasan ang pagkalat ng COVID-19. Malamang na nalantad ang malalapit na ugnay sa COVID-19 at kung nahawaan, maaaring mabilis na maikalat ang COVID-19 sa iba, kahit pa hindi malala ang mga sintomas.

### **B. Kinakailangang ibukod ng mga indibidwal ang kanilang sarili dahil mayroon o malamang na mayroon silang COVID-19.**

Nakabatay ang pagpapasiyang ito sa isa o higit pa sa mga sumusunod na salik:

- a) Positibong pagsusuri sa lab para sa coronavirus (kilala bilang SARS-CoV-2) na nagdudulot ng COVID-19
- b) Mga senyales at sintomas na parehong-pareho sa COVID-19 sa loob ng 14 na araw ng pagkakaroon ng malapit na ugnay sa taong mayroon o pinaniniwalaang mayroong COVID-19 Q
- c) Ipinagbigay-alam ng isang tagapagbigay ng pangangalaga sa indibidwal na maaaring mayroon siyang COVID-19.

Kinakailangang ang sariling pagbukod dahil maaaring mabilis na maikalat ng taong mayroon o malamang na mayroong COVID-19 ang virus sa iba. Inihihiwalay ng pagbukod ang mga maysakit na indibidwal na ito mula sa iba para maiwasan ang pagkalat ng COVID-19.

### **C. Kailangang ibukod ng mga indibidwal ang sarili sa kanilang tirahan at sumunod sa lahat ng mga utos sa Kautusang ito hanggang sa hindi na sila mapanganib na makapagkalat ng COVID-19 batay sa mga sumusunod na pamantayan:**

- a) Kahit 3 araw (72 oras) makalipas ang paggaling, tinukoy na pagkawala ng parehong lagnat nang walang iniinom na gamot pampababang lagnat at pag-ayos ng ubo, bitin sa paghinga at iba pang sintomas; AT



- b) Kahit 7 araw makalipas ng magsimula ang mga sintomas; alinman ang nahuli.
- c) Kailangang bumukod ng mga indibidwal na nagpositibo ang pagsusuri na hindi nagkaroon ng sintomas sa loob ng 7 araw mula sa petsa ng pagsusuri.

Maaaring magsagawa ng (mga) karagdagang pagkilos ang Opisyal sa Kalusugan, na maaaring kasama ang detensyon sa mamamayan o paghingi sa tao na tumigil sa isang pasilidad pangkalusugan o sa ibang lugar, para protektahan ang kalusugan ng publiko kung ang indibidwal na nakapailalim sa Kautusang ito ay lumabag o hindi sumunod sa Kautusang ito. Kasalanan ang paglabag sa Kautusang ito na maparurusahan ng pagkakakulong, pagmumulta o pareho.

**ITO ANG AKING IPINAG-UUTOS:**

A handwritten signature in blue ink that reads "Erica Pan".

---

Dr. Erica Pan  
Pansamantalang Opisyal sa Kalusugan,  
County ng Alameda

Abril 3, 2020

---

Petsa



## **KAUTUSAN NG OPISYAL SA KALUSUGAN PARA SA PAGPIGIL SA COVID-19 No. 20-06**

Kautusan sa **Pagkakwarantina** para sa Emerhensiya ng Pampublikong Kalusugan

Petsa nang Ilabas ang Kautusan: Abril 3, 2020

Ipatutupad ang Kautusang ito hanggang sa pawalang-bisa sa kasulatan ng Opisyal sa Kalusugan

### **BUOD NG KAUTUSAN**

**Nasa Pang-Emerhensiyang Kalagayan ang California dahil sa pandemya ng COVID-19.** Malaking panganib ang pagkalat ng Novel Coronavirus (COVID-19) sa kalusugan ng publiko sa loob ng County ng Alameda. Madaling kumalat ang COVID-19 sa pagitan ng mga taong nagkaroon ng malapitang ugnay sa isa't isa. Inilabas ang Kautusang ito batay sa mga siyentipikong ebidensya at pinakamahusay na kasanayan na kasalukuyang nalalaman at makukuha para protektahan ang mga mahihinang miyembro ng publiko mula sa maiwasang panganib ng malalang karamdaman o kamatayan na resulta ng pagkakalantad sa Coronavirus Disease 2019 (COVID-19). Inilalagay ng edad, kondisyon, at kalusugan ng makabuluhang bahagi ng populasyon ng County ng Alameda ("County") ang sarili nito sa panganib ng malalalang komplikasyon sa kalusugan, kabilang na ang kamatayan, mula sa COVID-19. Mayroong lumalaking ebidensya ng panganib sa pagpapasa mula sa mga taong nahawaan bago ang pagsisimula ng sintomas. Sa gayon, lahat ng mga indibidwal na magkakaroon ng COVID-19, anuman ang antas ng kanilang sintomas (wala, katamtaman o malala), ay maaaring maglagay sa ibang mahihinang miyembro ng publiko sa malaking panganib. Sa kasalukuyan, wala pang bakunang magagamit para makapagprotekta laban sa COVID-19 at wala pang tiyak na lunas.

Upang makatulong na pabagalin ang pagkalat ng COVID-19, protektahan ang mahihinang indibidwal, at maiwasang mabigatan ang sistema sa kalusugan ng County ng Alameda, kinakailangan ng Opisyal sa Pampublikong Kalusugan ng County ng Alameda ("Opisyal sa Kalusugan") na ipag-utos ang pagkakwarantina ng mga taong nalantad sa taong nasuring may COVID-19. Inihihiwalay ng kwarantina ang mga indibidwal na nalantad sa COVID-19 mula sa iba, hanggang matukoy na hindi sila mapanganib na makapagkalat ng sakit.

### **SA ILALIM NG KAPANGYARIHAN NG KODA NG KALUSUGAN AT KALIGTASAN NG CALIFORNIA MGA SEKSYONG 101040, 101085, AT 120175, IPINAG-UUTOS NG OPISYAL SA KALUSUGAN NG COUNTY NG ALAMEDA NA:**

**Kailangang i-kwarantina ng lahat ng mga miyembro ng sambahayan, karelasyong matalik, at tagapag-alaga ng taong mayroong COVID-19 ang kanilang mga sarili.**

**Kinakailangan ng mga taong ito na sumunod sa lahat ng instruksyon sa Kautusang ito at sa dokumentong gabay ng Pampublikong Kalusugan na tinukoy sa Kautusang ito.**

**Isang krimen ang paglabag sa Kautusang ito, mapaparusahan ng multang hanggang \$10,000 at/o isang taong pagkakakulong sa bilangguan. (Health & Saf. Code §§ 120295 et seq.; Cal. Penal Code §§ 69 & 148)**



---

**Mga Pangangailangan sa Pagkakarantina ng mga  
Nauugnayan sa Sambahayan, Karelasyong Matalik, at  
Tagapag-alaga ng mga Taong Mayroong COVID-19**

---

Malalapit na ugnay sa mga taong mayroong COVID-19 (“mga kaso”) ay tinukoy na mga indibidwal na:

- Nakatira o tumuloy sa tirahan ng may kaso O
- Mga karelasyong sekswal ng may kaso O
- Nagbibigay o nagbigay ng pangangalaga sa may kaso nang walang suot na mask, gown, at gwantes.

AT

Naganap ang ugnayang ito habang ang may kaso ay natukoy na nakakahawa. Nakakahawa ang may kaso mula 48 oras bago magsimula ang kanilang sintomas at hanggang mapakawalan sila sa pagbubukod.

**Kailangang agad na gawin ng lahat ng indibidwal na natukoy bilang malalapit na ugnay ng taong mayroong COVID-19 ang mga sumusunod na pagkilos:**

1. Manatili sa kanilang bahay o sa ibang tirahan sa loob ng 14 na araw mula sa huling petsa na nagkaroon sila ng ugnay sa taong mayroon o malamang na mayroong COVID-19. Kinakailangang i-kwarantina ng mga indibidwal ang kanilang sarili para sa kabuuan ng 14-na-araw ng panahon ng inkubasyon dahil mataas ang panganib nila na magkaroon at makapagkalat ng COVID-19.
2. Hindi maaaring lumabas ang mga taong naka-kwarantina sa lugar ng kanilang pinagkakarantinahan o pumasok sa anumang pampubliko o pribadong lugar maliban sa kung tatanggap ng kinakailangang pangangalagang medikal.
3. Masusing suriin at matinding sundin ang lahat ng mga kinakailangang inilista sa “Mga Instruksyon sa Pagkakarantina sa Bahay” na nakalagay sa <http://www.acphd.org/2019-ncov/resources/quarantine-and-isolation> at inilakip sa kautusang ito.
4. Kung magkasakit ng lagnat, ubo, o bitin sa paghinga ang taong naka-kwarantina (kahit na sobrang mahina lang ang mga sintomas nila), kailangan nilang ibukod ang kanilang sarili sa bahay at malayo sa ibang tao at sundin ang “Mga Instruksyon sa Pagbukod sa Bahay,” na nakalagay sa <http://www.acphd.org/2019-ncov/resources/quarantine-and-isolation>. Ito ay dahil sa malamang na mayroon na silang COVID- 19 at kung gayon, maikakalat nila ito sa mahihinang indibidwal.

Maaaring magsagawa ng (mga) karagdagang pagkilos ang Opisyal sa Kalusugan, na maaaring kasama ang detensyon sa mamamayan o paghingi sa tao na tumigil sa isang pasilidad pangkalusugan o sa ibang lugar, para protektahan ang kalusugan ng publiko kung ang indibidwal na nakapailalim sa Kautusang ito ay lumabag o hindi sumunod sa Kautusang ito. Kasalanan ang paglabag sa Kautusang ito na maparurusahan ng pagkakakulong, pagmumulta o pareho.

**ITO ANG AKING IPINAG-UUTOS:**

---

Dr. Erica Pan  
Pansamantalang Opisyal sa Kalusugan, County ng  
Alameda

---

Abril 3, 2020

Petsa